# Ang Kababaihan sa Teksto at Reyalidad*

*Ma. Luisa T. Camagay*

## Introduksiyon

Malawak ang paksa ng kababaihan noong panahon ng rebolusyon kaya't itinatakda ko ang maikling papel na ito sa dalawang aspekto: una ang patungkol sa mga kababaihan sa mga naisulat nina Andres Bonifacio, Emilio Jacinto at Apolinario Mabini; pangalawa ang aktwal na ginampanan ng mga kababaihan noong panahon ng rebolusyong Filipino.

Linalayun ng papel na ito kung may pagtutugma ang babae mula sa texto at babae sa tunay na buhay.

*Ang Babae Ayon Kina Bonifacio, Jacinto at Mabini*

Sa sanaysay ni Andres Bonifacio na pinamagatang "Mga Dapat Mabatid ng mga Tagalog"[1] binanggit niya ang ganitong salita: ". . . sampung mga babae ay marunong bumasa at sumulat ng talagang pagsulat nating mga tagalog." Ang banggit na ito ay nasa konteksto ng pagpapahalaga ni Bonifaçio ng kabihasnan ng ating mga ninuno kung saan ang mga babae ay marunong bumasa at sumulat. Implikasyon ng ganitong pangungusap ang obserbasyon ni Bonifacio na sa ilalim ng pangangasiwa ng mga Kastila ang mga babae ay naging mangmang.

May banggit rin tungkol sa babae ang isinulat ni Emilio Jacinto na pinamagatang "Manga Aral Nang Katipunan ng mga A.N.B. Isinaad ni Jacinto ang ganito:[2]

*Ang babai ay huag mong tingnang isang bagay na libangan lamang kundi isang katuang at karamay sa mga kahirapan nitong kabuhayan; gamitin mo ng boong pagpipitagan ang kaniyang kahinaan, at*

*Papel na binasa noong ika-15 ng Marso 1996 sa Vargas Museum.

*di mo ibig gawin sa asawa mo anak at kapatid, ay huag mong gagawin sa asawa, anak at kapatid ng iba.*

Kapansin-pansin ang gamit ng salitang katuang at karamay bilang patungkol sa babae. Dito ko naunawaan ang hindi pagtanggap ni Lilia Quindoza Santiago na hindi peminista si Rizal dahil ang ginamit ni Rizal ay ang salitang katulong sa halip na katuwang sa pagtukoy sa babae. Sinipi ni Santiago ang bahagi ng sulat ni Rizal sa Kababaihan ng Malolos na nagsasaad ng ganito:[3]

*Ngayong tumugon kayo sa uhaw naming sigaw sa ikagagaling ng bayan; ngayong nagpakita kayo ng mabuting halimbawa sa kapwa dalagang nagnanasang paris ninyong mamulat ang mata at mahango sa lugami sumisigla ang aming pag-asa, inaaglahi ang sakuna, sapagkat kayo'y* ***katulong*** *panatag loob sa pagtatagumpay. Ang babaeng Tagalog ay di na payuko at luhod, buhay na pag-asa sa panahong sasapit, wala na ang inang katulong sa pagbubulag sa anak na palalakihin sa pag-aalipusta at pag-ayop.*

Ating masasabi kung gayon na higit na mulat sa usapin ng kababaihan si Jacinto kaysa kay Rizal dahil tiningnan ni Jacinto ang babae bilang katuwang at karamay ng lalaki. Ayon kay Santiago tinatakda pa rin ni Rizal ang papel ng kababaihan batay sa pamantayan ng kalalakihan.

Ganoon pa man, lumalabas pa rin kay Jacinto ang kahinaan ng babae na hindi dapat pagsamantalahan.

Ang banggit ni Mabini tungkol sa babae ay mababasa sa kanyang sinulat *Ang Himagsikan ng Bayang Pilipino.* Ganito ang sinulat ni Mabini:[4]

*Hindi ko mawawakasan ang mga haka-hakang ito nang di ipinahahayag muna sa aking mga kababayan, ang malaking sama ng loob na tinataglay ko tuwing makakabalita ng mga panggagahasa ng ating mga kawal sa ating mga babaing kalahi. Tunay nga't ito'y mangilan-ngilan lamang na totoong mahirap iwasan kung panahon ng gulo at ng paglalaban-laban; ngunit natitiyak ko na di na sana naulit ang unang pangyayari kung sinugpo lamang kaagad ng buong higpit at walang pakupakundangan ng mga pinunong di sukat magparaan ng gayong mga pananampalasan. Paano natin maipagagalang sa dayuhan ang ating mga babae kung tayo na rin ang nagbibigay ng masamang halimbawa sa di pagpipitagan sa kanila? Maari kayang mahintay natin*

*na ang Pilipino'y igalang, kungdi iginagalang ang ating mga babae? Sa matandang kasaysayan ng mga unang bansa ay isa na sa mga kinikilalang malaking kabanalan ng isang maginoong matapang at may dangal ang paggalang sa babae, pagka't ang ugaling kumandili sa kapurihan at buhay ng isang mahina ay nagpapakilala ng kalakhan ng puso at kadakilaan ng kaluluwa. At dapat mabatid na ang kabanalang ito'y hindi lamang isang hamak na pangangailangan ng panahong yaon ng "romantisismo" kungdi isa sa malaking pangangailangan sa buhay ng mga bayan, sapagkat kung ang babai'y lagi nang pinagpipitaganan sa loob ng kalipunang kinabibilangan niya, ay madali niyang makapag-aankin ng ugaling marangal at karapat-dapat, na kung manahin ng mga anak, ay magtatanim sa budhi ng mga ito ng katapangan at katibayang-loob para sa malalaking panukala, at sa mga gawaing kabayanihan.*

Muling lumalabas kay Mabini ang patungkol sa kahinaan ng babae na siya ring binanggit ni Jacinto. Idiniin ni Mabini na ang di-pagsasamantala ng kahinaan ng kababaihan ay kumakatawan sa kalakhan ng puso at kadakilaan ng kaluluwa. Iniuulit rin ni Mabini ang paniniwala ni Rizal na ang pagkakaroon ng mga inang mulat sa kanyang karapatan ay magbibigay daan sa mga mulat na anak.

Sa panukalang konstitusyon ni Mabini may probisyon siya tungkol sa kababaihan sa unang artikulo. Sabi ng probisyon:[5]

*Filipino women may not exercise a public office which may carry with it jurisdiction; but they may exercise all those which not being of this character may be compatible with the dignity of their sex, provided that they do not lead a licentious life and may have the qualifications of capacity required by the laws.*

*On the other hand they shall be exempt from military service and from the personal tax; but they shall pay the taxes belonging to the profession or industry that they may exercise. The women tax-payers who may have attained twenty-one years of age and should not be subject to paternal or marital authority will have the right to vote for any public office, unless they may have lost this right by reason of their leading a licentious life or are awaiting trial or are convicted for some criminal offense.*

*Women may study any branch of science or of the arts in the institutions of public instruction maintained by the State, by the provinces*

*or by the pueblos, and may practice the professions corresponding to their certificates.*

Nababanaag sa probisyon na ito ay ilang progresibong ideya ni Mabini hinggil sa kababaihan. Bagaman ipinagbabawal niya ang pag-upo ng kababaihan sa mga puwestong may *constituency* hindi niya pinagbabawal umupo ang isang babae sa isang puwestong publikong bagay sa kanya. Kapansin-pansin rin na pagsampa ng babae sa gulang ng 21 taon, malaya siya sa kapangyarihan ng kanyang ama at asawa. Kapani-paniwala ang paniniwala ni Mabini na sa gulang na ito ay handa na ang isang babaeng magdesisyon ng sarili. Dagdag dito na ganito pa lang kaagad naniwala na si Mabini na dapat ibigay sa kababaihan ang karapatang bumoto. Ipinakikita ng lahat nito ang malaking tiwala at positibong tingin ni Mabini sa kababaihan. Sayang nga lamang na ang kanyang panukalang konstitusyon ay hindi tinanggap ng Kongreso ng Malolos kundi ang panukalang konstitusyon ni Felipe Calderon.

### *Ang Kababaihan at ang Inang Bayan*

Ganito man tinakda ng mga kalalakihan ang papel na Filipina, makikita na hindi pumayag ang kababaihan na makulong sila sa hulmang tinakda sa kanila. Ipinakita ito sa maraming pagkakataon at lalo itong pinatingkad nang mamulat ang Filipina sa sinasapit ng Inang Bayan.

Sinasabi na ang pagtatatag ng mga lohiya ng masoneriya sa Filipinas ay bunga ng umuunlad na damdamin laban sa praylokrasya. Ang mga lohiya ang naging lugar kung saan idanaraos ang mga talakayan tungkol sa kondisyon ng bayan at naging lugar kung saan ang mga kalayaan gaya ng pananalita at pagtitipon ay nagkaroon ng lehitimong anyo. Nagsimula ang mga lohiya sa kalalakihan ngunit di naglaon ay nagkaroon rin ng isang lohiya para sa mga babae.

Ang pagtatatag ng isang lohiya para sa babae ay matuturing simula ng kamulatan ng kababaihan sa isang alternatibong kaayusan. Kung titingnan ang masoneriya bilang paraan upang banggain ang umiiral na praylokrasya sa Filipinas, pinahihiwatig ng pagtatatag ng isang lohiya sa hanay ng kababaihan ang pagtutol sa kasalukuyang kaayusan. Ipinahiwatig rin ni Rizal kay Blumentritt na ang kanyang ina at mga kapatid na babae ay hindi na nagsisimba dahil sa mga katiwalian ng mga prayle ngunit naniniwala pa rin sa Panginoon at sa Birheng Maria.[6]

Kinikilala si Rosario Villaruel bilang unang babaeng mason sa Filipinas. Ang ama ni Rosario na si Faustino Villaruel ay isa ring ma-

son. Si Rosario ay may 18 taong gulang lamang noong siya'y pumasok sa masoneriya at nabigyan ng simbolikong pangalan na "Minerva." Siya ang nagtatag ng unang lohiyang para sa babae na pinangalanan *"Logia de Adopcion."*[7] Miyembro rin ng lohiyang ito ang kapatid ni Jose Rizal na si Trinidad na binigyan ng simbolikong pangalan ng "Sumibol."

Inilarawan si Rosario na edukada at may modernong pag-iisip. Hindi raw niya gawi ang humalik sa kamay ng prayle at minsan ay nasaktan niya ang isang prayle na ibig siyang pagsamantalahan. Naging mainit siya sa paningin ng mga prayle. Noong dinakip siya noong 1896, si Rosario ay pinahirapan. Binansagan siya ng mga pahayagang Español bilang "Ang matamlay na Madonna" hindi sa awa kundi bilang pagtuya sa kanya.[8]

Bagaman ang pagtatatag ng sangay ng kababaihan ng Katipunan ay nagmula kay Andres Bonifacio sa harap na pagsususpetsa ng mga babaeng asawa ng mga katipunero, bukas loob na tinanggap ng 29 babae ang tungkulin na itago ang Katipunan sa mga Kastila. Sa dahilan na ito, itinakda ang maari lamang miyembro o kasapi ay mga asawa at kapatid na babae at mga ina. Mauunawaan kung gayon ang mga unang miyembro. Ito ang mga sumusunod:[9]

1. Gregoria de Jesus — asawa ni Andres Bonifacio.
2. Marina Dizon — asawa ni Jose Turiano Santiago at pinsan ni Emilio Jacinto.
3. Simiona de Remigio — asawa ni Tomas Remigio.
4. Benita Rodriguez — asawa ni Restituto Javier.

5&6. Josefa at Trinidad Rizal — kapatid ni Jose Rizal.

7. Angelica Lopez — pamangkin ni Jose Rizal.
8. Carmen de Rodriguez — asawa ni Doroteo Rodriguez.
9. Marta Saldana — asawa ni Faustino Manalak.
10. Macaria Pangilinan — asawa ni Marcelo Santos.

May 19 pang babae na hindi na natin nakikilala.

Noong pumutok ang Rebolusyon, hindi nag-atubili ang babae na lumahok sa pamamagitan ng iba't ibang paraan. Nariyan ang pagbigay ng tulong sa mga rebolusyonaryo sa pamamagitan ng pagbukas ng kanilang mga kamalig. Ito ang pinamalas nina Melchora Aquino kilala sa pangalang Tandang Sora, Macaria Geronimo (asawa ni Candido Tria Tirona) at Trinidad Famy (ina ni Emilio Aguinaldo). Ikinuwento ni Andres Bonifacio kung paano ang palay na mula sa kamalig ni Tandang

Sora ay binayo at kahit hindi pa naalis lubos ang ipa ay iniluto upang pakainin ang mga nagtipon ng mga Katipunero. Binanggit naman ni Aguinaldo na si Macaria Geronimo at ang kanyang ina ay binuksan ang kani-kanilang kamalig para bigyan ng bigas ang mga lumalaban nang mga Filipino pati na ang kanilang mga pamilya.[10]

Para sa akin ang kahanga-hanga sa kanilang tatlo ay si Melchora Aquino. Noong siya ay ipinatapon sa Guam noong 1896 may 84 na taong gulang siya. Tuwing tinitingnan ko ang kanyang larawan na kuha bago siya sumakay sa barkong "Churruca" ay salamin siya ng isang babaeng may dignidad at matatag. Pitong taon ang kanyang itinigil sa Guam at bumalik siya sa Filipinas noong 1903 sa gulang na 91 taon. Namayapa siya noong 1919 noong 107 taong gulang siya. Una siyang inilibing sa Cementerio del Norte hanggang inilipat ang kanyang labi sa Himlayang Pilipino.

Nakita rin ang partisipasyon ng kababaihan sa pagbigay ng pagkain sa mga sundalo at pag-aruga sa mga sugatan. Kahanga-hanga ayon kay Aguinaldo ang suporta na ipinakita ng taong bayan kasama na dito ang kababaihan sa labanan sa Zapote. Winika niya ang ganito:[11]

*Ang inasal ng taong bayan noong panahon na ito ay tunay na kapuri-puri. Tuwing may putukan, sila ay dumarating at handang tumulong. Ang kababaihan at bata ay may dalang pagkain at tubig. Ang mga sugatan ay kanilang inuuwi sa kanila at inaalagaan.*

Hindi kaila sa atin na may kababaihan na lumahok sa larangan ng labanan. Madalas mabanggit sina Agueda Kahabagan ng Laguna, Trinidad Tecson ng Bulacan at Teresa Magbanua ng Iloilo. Si Agueda Kahabagan ay kasama ni Artemio Ricarte na lumusob sa kuwartel ng mga Espanyol sa San Pablo, Laguna. Si Trinidad Tecson na tubo ng Bulacan ay kasama sa mga labanan sa Gitnang Luzon lalo na sa mga lalawigan ng Bulacan, Nueva Ecija at Zambales. Sa Biak-na-bato si Tecson ang nag-alaga ng mga rebolusyonaryong sugatan at may sakit. Nagkaroon si Tecson ng tatlong asawa: si Julian Alcantara, Doroteo Santiago at Francisco Empinado. Tubo naman ng Iloilo si Teresa Magbanua. Lumapit siya sa kanyang tiyo na si Heneral Perfecto Poblador upang lumahok sa labanan. Ngunit walang papantay sa magandang paglalarawan kay Alejandra Nocon, ina ng rebolusyonaryong Santos Nocon. Ganito inilarawan ni Santiago Alvarez si Matandang Anday:[12]

*At si ginang Alejandra, balo ni Nocon, sa tawag ng Matandang Anday, may mahigpit na limampung taong gulang noong 1896, sa kanyang napakasidhing pag-ibig, at pagtulong sa himagsikan upang matamo ang kalayaan, at bukas ang pusong naghahandog ng kanyang kayang kabuhayan, sa pangangailangan ng mga nagtatanggol ng kalayaan, at sa lahat ng labanan ay biglang sumipot sa piling mga kawal ng bayan, kandong ang maraming batong buhay na pamukol, may bitin sa bigkis ng baywang na isang gulok at isang balaraw, na matalas, mga sandatang sadya niyang pananggol sa pagmimithing siya'y mapalaban din; bukod sa bagay na ito, may dala ring isang supot na kayo ng arina ng trigo, laging puno ng tinapay at itinataan sa mga kawal na aabutin ng gutom.*

May banggit rin na ilang babae ay kasama sa *revolutionary intelligence service.* Kaugnay dito nababanggit ang pangalan nina Macaria de la Cruz, Pilar Jueves at Esperanza Solteras.

Hindi lamang sa ganitong mga paraan ipinamalas ng kababaihan ang kanilang pagtulong sa rebolusyon. Pinili ng ilan iparating ang kanilang pagkakaisa sa pambansang mithiin ng kalayaan sa pamamagitan ng pagsulat ng tula. Tunay na malikhain ang mga babae! Noong 1899 sa pahayagang *Heraldo Filipino* isang tula ay kolektibong linikha nina Victoria Lactaw, Feliza Kahatol, Patricia Himagsik, Dolores Katindig, Felipa Kapuloan at Victoria Mausig. Tunay man o hindi ang kanilang mga apelyido ay napakasimboliko. Tinutukoy ko dito ang apelyidong "Himagsik," "Kapuloan," at "Mausig." Mababasa sa ibaba ang kanilang tula:[13]

*Halina at tayo'y*
*manandatang lahat*
*itanghal ang dangal*
*nitong Filipinas.*
*Sa alinmang nacion*
*at huag ipayag*
*na mapagharian*
*tayong manga anak.*

*Ang pagsasarili'y*
*ating ipaglaban*
*hanggang may isa*

*pang sa ati'y may buhay*
*At dito'y wala na*
*silang pagharian*
*kung hindi ang*
*ating manga dugo't bangkay.*

*Masakop man tayo*
*ng kanilang Yankis*
*ay mamatay rin sa mga pasakit*
*Mahalaga'y mamatay*
*sa pagtangkilik*
*Nang dapat igalang*
*na ating matowid.*

*Dahil sa ating*
*Santong Katowiran*
*ay atin an lubos*
*na pagtatagumpay.*
*Ang awa nang langit*
*ay pagkaasahang*
*tutulong sa ating*
*nang pakikilaban.*

Ipinapakita ng huling taludtod ng tulang ito na ang paglaban para sa kalayaan ay isang banal na mithiin kung kaya't babasbasan ito ng langit sa pamamagitan ng pagtatamo ng tagumpay.

**Konklusyon**

Ipinakita ng maikling papel na ito na ang rebolusyon ay nagbigay daan sa pagmulat ng kababaihan tungo sa isang adhikain na labas sa personal na interes o sa pamilyang interes. Iniangat ang kanilang interes para sa isang higit na masaklaw na Inang Bayan at Inang Filipinas. Iniluwal ng rebolusyon ang isang bagong Filipina na may kalinga sa bayan. Sa larangan man ng labanan o sa paraang mahinahon ay ipinamalas niya ito.

## Tala Huli

[1]Teodoro M. Kalaw. *The Writings and Trial of Andres Bonifacio.* (Manila: n.p., 1963), p. 68.

[2]Gregorio Zaide. *The Philippine Revolution.* (Manila: The Modern Book Co., 1968), p. 83.

[3]Lilia Q. Santiago. "Ang Salaysay ng Babae, Pagkababae, at Kababaihan sa Rebolusyon ng 1896." *Ulat sa Ikatlong Pambansang Kumperensiya sa Sentenaryo ng Rebolusyon 1896.* (Baguio: University of the Philippines Baguio, 1995), p. 35.

[4]Apolinario Mabini. *Ang Himagsikan ng Bayang Filipino.* Typewritten copy.

[5]John R.M. Taylor. *The Philippine Insurrection Against the United States.* (Pasay City: Eugenio Lopez Foundation, 1971), Vol. III, p. 53.

[6]Teodoro M. Kalaw. *The Philippine Revolution.* (Mandaluyong, Rizal: Jorge Vargas Filipiniana Foundation, 1969), p. 30-31.

[7]Rafaelita Soriano (editor). *Women in the Philippine Revolution.* [n.p. n.d.], p. 155.

[8]Kalaw, *op. cit.,* p. 31.


[9]Zaide, *op, cit.,* p. 89

[10]Emilio Aguinaldo. *Memoirs of the Revolution.* (Manila: n.p., 1967), p. 68.

[11]*Ibid.* p. 85.

[12]Santiago Alvarez, *Memoirs of the Revolution.* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

[13]Lilia Q. Santiago. "Ang Kababaihan at Pag-aaral ng Panulaan sa Pilipinas." (Unpublished Ph.D. Dissertation, University of the Philippines, 1990), pp. 176-177.


Reality